



PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Oktubre 29, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristina Chu, 415.519.5397

Distrito ng Hangin, kakatawanin ang Bay Area sa COP26

Publiko, hinihikayat na makipag-ugnayan sa mga kinatawan ng Distrito ng Hangin sa mga live na briefing

SAN FRANCISCO – Magpapadala ang Bay Area Distrito ng Hangin ng mga kinatawan para dumalo sa Kumperensya sa Pagbabago ng Klima ng United Nations (United Nations Climate Change Conference), o COP26, sa Glasgow, Scotland, mula sa Linggo, Oktubre 31 – Biyernes, Nobyembre 12.

Magsasagawa ang Tagapagpaganap na Opisyal ng Air District na si Jack Broadbent at ang mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor na sina Davina Hurt at John Bauters ng serye ng mga event sa Twitter Live sa buong conference. Iniimbitahan ang mga residente ng Bay Area na sumali sa talakayan, magtanong, at ibahagi ang kanilang mga alalahanin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa [Twitter](#) at [Facebook](#).

“Dahil sa mga nakakapanlumong epekto ng ating nagbabagong klima na nararamdaman na sa buong mundo, may agarang pangangailangan para sa mabilis at pangalahatang pagkilos para sa klima. Ang COP 26 ay nagbibigay ng klinikal na oportunidad para matuto tungkol sa mga makabagong teknolohiya, innovative na pananalapi, at nangungunang pamamaraan sa patakaran,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Magpapadala ang Distrito ng Hangin ng mga kinatawan para makipag-ugnayan sa mga internasyonal na lider at tagabuo ng patakaran sa usapin sa klima para suportahan ang aming gawain at ibahagi ang ating mga tagumpay, nang sa gayon ay magamit ito sa buong mundo. Sa buong pagkilos at leadership, agresibo kaming kikilos para gawing realidad ang carbon neutrality sa Bay Area.”

“Hindi namin maitatangi ang pagtindi ng mga epekto ng pagbabago ng klima sa Bay Area at buong mundo,” ayon kay Davina Hurt, miyembro ng lupon ng Distrito ng Hangin. “Ganito rin sa mga mahihirap na komunidad dito sa Bay Area. Nagbibigay ang COP26 ng oportunidad para magbahagi ng mga estratehiya at malaman kung ano ang ginagawang pagkilos sa klima ng iba sa buong mundo, para mas mahusay tayong makakilo para protektahan ang ating mga pinakabulnerableng residente.”

“Habang tumitindi ang mga epekto ng pagbabago ng klima, mahalagang tandaan na hindi tayo pantay-pantay na naaapektuhan nito,” ayon kay John Bauters, miyembro ng lupon ng Distrito ng Hangin. “Ang mga mahirap na komunidad sa Bay Area at buong mundo ang pinakaapektado ng mga nakakapanlumong epekto ng pagbabago sa klima. Ipinagmamalaki ko na maging bahagi ng COP26 at makapag-ambag sa pandaigdigang pagsisikap na lutasin ang pinakaagarang krisis na ito.”

Sa COP26, magsasama ang mga pandaigdigang lider para mapabilis ang pagpapatupad ng mga diskarte sa pagprotekta sa klima. Ang summit ngayong taon ay ang unang limang taon na checkpoint pagkatapos ng paglagda sa Paris Agreement, isang internasyonal na kasunduan tungkol sa pagbabago sa klima, para masukat ang progreso sa mga partikular na target at mapanilis ang pagkilos sa mga layuning ito.

Ang paglahok sa COP26 ay magbibigay-daan sa Distrito ng Hangin na matuto tungkol sa mga makabagong teknolohiya na ginagamit at mga patakarang ipinapatupad sa mundo na puwedeng gayahin sa Bay Area. Ibabahagi rin ng Distrito ng Hangin ang kaalaman, tagumpay, at mga diskarte ng ahensya na tumulong sa pagpapahupa ng pagbabago sa klima sa lokal na antas. Ang pagkakapantay-pantay at hustisya sa kapaligiran ay mga pangunahing tema sa conference ngayong taon, na gagawin ding batayan ng trabaho ng Distrito ng Hangin sa larangang ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*